

**FDA****U.S. FOOD & DRUG  
ADMINISTRATION**


# HPV (human papillomavirus)

## Ano Ang HPV?

HPV (human papillomavirus) ay isang virus na naililipat sa pamamagitan ng pakikipagtalik. Ito ay naipapasa sa pamamagitan ng genital na pagtatalik (gaya ng vaginal at anal na pagtatalik). Ito rin ay naipapasa sa pamamagitan balat-sa-balat na pagkakadikit. Hindi bababa sa 50% ng mga taong nakipagtalik ay magkakaroon ng HPV sa anumang panahon sa kanilang buhay.

## Bakit Hindi Ko Pa Naririnig Ang HPV?

Ang HPV ay hindi bagong virus. Ngunit maraming tao ang hindi nakakaalam tungkol dito. Karamihan sa mga tao ay walang anumang mga palatandaan. Maaaring kusang mawala ang HPV - nang hindi nagdudulot ng anumang mga problema sa kalusugan.



## Sino Ang Maaaring Magkaroon ng HPV?

Ang sinumang nagkaroon ng kontak sa genital sa ibang tao ay maaaring magkaroon ng HPV. Parehong mga kalalakihan at kababaihan ay maaaring makakuha nito - at maipasa ito - nang hindi ito nalalaman. Dahil maaaring walang mga palatandaan, ang isang tao ay maaaring magkaroon ng HPV kahit na lumipas ang mga taon mula nang siya ay makipagtalik.

Mas malamang na makakuha ka ng HPV kung ikaw ay:

- Pakikipagtalik sa murang edad
- Maraming iba't – ibang katalik o
- Ang sekswal na kapareha ay nagkaroon ng maraming kapareha sa pagtatalik.

## Kung Walang Mga Palatandaan, Bakit Kailangan Ko Mag-alala Tungkol sa HPV?

Mayroong higit sa 100 iba't ibang mga uri ng HPV at hindi lahat sa kanila ay nagdudulot ng mga problema sa kalusugan. Ang ilang mga uri ng HPV ay maaaring maging sanhi ng mga problema tulad ng genital warts. Ang ilang mga uri ng HPV ay maaari ding maging sanhi ng cancer sa cervix, vagina, vulva, o anus. Karamihan sa mga problemang ito ay sanhi ng mga uri 6, 11, 16, o 18.

## Mayroon Bang Lunas Ang HPV?

Walang lunas sa virus na ito (HPV). Mayroong mga paggamot para sa mga problemang pangkalusugan na maaaring maging sanhi ng HPV, tulad ng mga genital warts, pagbabago sa cervical, at cervical cancer.

## Ano ang Dapat Kong Malaman Tungkol sa Mga Genital Warts?

Maraming mga pagpipilian na paggamot para sa mga genital warts. Ngunit pagkatapos magamot ang mga warts, maaaring may virus pa rin at maaaring maipasa sa iba. Kung hindi ginagamot ang mga genital warts maaari itong kusang mawala, manatili, o lumaki o dumami, ngunit hindi ito magiging cancer.

FDA para sa Kalusugan ng mga Kababaihan  
[www.fda.gov/womens](http://www.fda.gov/womens)

# HPV (human papillomavirus)

## Ano Ang Dapat Kong Malaman Tungkol Sa Cervical Cancer?

Ang lahat ng mga kababaihan ay dapat na makakuha ng regular na mga pagsusuri sa Pap. Ang pagsusuri sa Pap ay naghahanap ng mga pagbabago sa cell na sanhi ng HPV. Maagang nakikita sa pagsusuri ang mga pagbabago sa cell - kaya maaaring gamutin ang cervix bago maging cancer ang mga cell. Ang pagsusuring ito ay maari rin makita ang cancer na pasimula pa lamang kung kaya't ito ay maari pang magamot bago pa ito lumala. Bihira ang namamatay mula sa cervical cancer kung maaga itong natutuklasan.

## Ano Ang Dapat Kong Malaman Tungkol Sa Vaginal Or Vulvar Cancer?

Ang Vaginal Cancer ay kanser sa ari ng babae (kanal ng kapanganakan). Ang kanser sa vulvar ay cancer ng clitoris, labi ng vagina, at simula sa ari (vaginal opening). Bihira ang mga uri ng kanser na ito. Hindi lahat ng vaginal o vulvar cancer ay sanhi ng HPV.

## Ano Ang Dapat Kong Malaman Tungkol Sa Anal Cancer?

Ang Anal Cancer ay kanser na nabubuo sa mga tisyu ng anus. Ang anus ay ang pagbubukas ng tumbong o rectum (huling bahagi ng malaking bituka) sa labas ng katawan.

## Ano Ang Dapat Kong Malaman Tungkol Sa Cervical Cancer?

• Sinusubok nito ang mga uri ng HPV na maaaring humantong sa cancer sa cervix. Inaprubahan ng FDA ang pagsusuri sa HPV na magagamit para sa mga kababaihan na higit sa 30 taong gulang. Maaari nitong makita ang HPV bago pa man magkaroon ng pagbabago sa cervix. Ang mga kababaihang mayroong pagsusuri sa HPV ay kailangan pa ring kumuha ng pagsusuri sa Pap.

## Mapipigilan Ba Ang HPV?

Inaprubahan ng FDA ang mga bakunang pumipigil sa ilang mga karamdaman, kabilang ang cervical cancer, sanhi ng ilang uri ng HPV. Tanungin ang iyong doktor kung dapat kang makakuha ng Bakuna sa HPV.

## Ano Pa Ang Maari Kong Gawin Upang Mapababa Ang Posibilidad Na Magkaroon Ng HPV?

- Maaari kang pumili na huwag makipagtalik (umiwas).
- Kung ikaw ay nakikipagtalik, maaari mong limitahan ang bilang ng iyong mga kapareha.
- Pumili ng kapareha na wala o kaunti ang mga naging sekswal na kapareha. Mas kaunti ang naging kapareha ng iyong kapareha - mas malamang na hindi sya magkaroon ng HPV.
- Hindi batid kung gaano ka protektado ang condom laban sa HPV. Ang mga lugar na hindi sakop ng isang condom ay maaaring mailantad sa virus

**Ang Fact Sheet na ito ay binuo ng Tanggapan ng FDA para sa Kalusugan ng mga Kababaihan. Para sa iba pang mapagkukunan ng pangkalusugan ng mga kababaihan, pumunta sa**

**[www.fda.gov/womens](http://www.fda.gov/womens)**